UK Health Security Agency

NHS

# Protektahan ang iyong sarili laban sa trangkaso

## Pagbabakuna laban sa trangkaso sa Inglatera

Impormasyon para sa mga nasa sekondaryang paaralan




Flu immunisation

Tumutulong na protektahan ka laban sa trangkaso

## Ang bakuna laban sa trangkaso ay inaalok nang libre sa:

Lahat ng 2 at 3 taong gulang na bata (sa kondisyon na sila ay 2 o 3 taong gulang noong Agosto 31 bago magsimula ang pagbabakuna laban sa trangkaso sa panahon ng taglagas)





Mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskuwela (Mula pagtanggap hanggang Ika-11 Baitang)

Mga batang mula 6 na buwan ang edad na may kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa kanila sa mas malaking panganib mula sa trangkaso



Ang karagdagang impormasyon kung aling mga bata ang karapat-dapat bawat taon ay matatagpuan sa: **www.nhs.uk/child-flu**



## Bakit ako dapat magpabakuna laban sa trangkaso?

Ang trangkaso ay maaaring isang labis na hindi kasiya-siyang sakit na nagdudulot ng lagnat, matinding pagkapagod, pananakit ng mga kalamnan at kasu-kasuan, baradong ilong, tuyong ubo, at pamamaga ng lalamunan. Kadalasang bumubuti ang pakiramdam mo sa loob ng humigit-kumulang isang linggo. Ang ilang tao ay nagkakaroon ng mga kumplikasyon at kailangang pumunta sa ospital para sa paggamot.

## Ano ang mga benepisyo ng bakuna?

Ang pagbabakuna ay makakatulong na maprotektahan ka mula sa maaaring maging isang labis na malubhang sakit. Makakatulong ito sa iyo na maiwasang makaligtaan ang mga bagay na kinagigiliwan mo at pagkagambala sa iyong pag-aaral.

Binabawasan ng bakuna ang tsansang ikalat mo ang trangkaso sa iba kaya naman nakakatulong na protektahan ang iyong pamilya at mga kaibigan.



## Nabakunahan ako laban sa trangkaso noong nakaraang taon. Kailangan ko ba ng isa pa ngayong taon?

Oo; ang mga virus ng trangkaso ay nagbabago bawat taon kaya ang bakuna ay maaaring i-update. Para sa kadahilanang ito, inirerekumenda namin na muli kang mabakunahan laban sa trangkaso sa taong ito, kahit na nabakunahan na noong nakaraang taon.

## Paano ibibigay ang bakuna?

Ito ay karaniwang ibinibigay bilang spray sa ilong (nasal spray). Kung hindi naaangkop ang spray sa ilong, maaaring ibigay ito bilang iniksyon na lang, kadalasan sa kalamnan sa itaas na braso.

## Paano gumagana ang nasal spray?

Ang nasal spray ay naglalaman ng mga virus na pinahina upang maiwasan ang mga ito na magdulot ng trangkaso ngunit makakatulong sa iyo na makabuo ng immunity.

Ang bakuna ay mabilis na naa-absorb sa ilong kaya kahit na bumahing ka kaagad pagkatapos ng pag-spray, hindi kailangang mag-alala na hindi ito gumana.

## Mayroon bang anumang mga side-effect ng bakuna?

Maaari kang magkaroon ng tumutulong sipon o baradong ilong, sakit ng ulo, pangkalahatang pagkapagod at medyo pagkawala ng ganang kumain. Gayunpaman, ang mga ito ay hindi kasing-lubha ng pagkakaroon ng trangkaso at mga kumplikasyon nito. Ang mga malubhang side-effect ay hindi karaniwan.

## Paano kung hindi maganda ang pakiramdam ko sa araw na iyon?

Maaaring ipagpaliban ang pagbabakuna kung mayroon kang lagnat. Bukod pa rito, kung ikaw ay may matinding baradong ilong o tumutulong sipon, maaari nitong pigilan ang pagpasok ng bakuna sa iyong system. Sa kasong ito, ang pagbabakuna laban sa trangkaso ay maaaring ipagpaliban hanggang sa mawala ang iyong mga sintomas sa ilong.

## Paano ang mga kabataang may pangmatagalang kondisyon sa kalusugan?

Kung mayroon kang kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa iyo sa mas mataas na panganib ng malubhang kumplikasyon mula sa trangkaso, dapat kang magpabakuna laban sa trangkaso bawat taon. Kung mayroon kang isa sa mga kondisyon sa kalusugan na ito at hindi ka kasama sa mga grupong inaalok ng bakuna laban sa trangkaso sa paaralan, maaari mo ring hilingin sa iyong GP surgery na bigyan ka ng bakuna. Maaari mo ring hilingin sa iyong GP surgery na gawin ito kung, halimbawa, ayaw mong maghintay hanggang sa sesyon ng pagbabakuna sa paaralan.

### Pangmatagalang mga kondisyon sa kalusugan na naglalagay sa iyo sa higit na panganib mula sa trangkaso

Kasama sa mga kondisyong ito ang:

- malubhang problema sa paghinga, tulad ng hika na nangangailangan ng regular na paggamit ng steroid inhaler o mga tableta
- malubhang kondisyon sa puso
- sakit sa bato o atay
- diyabetis
- huminang immune system bilang resulta ng isang kondisyon o paggamot tulad ng mga steroid na tableta o chemotherapy
- mga problema sa lapay, halimbawa, sickle cell disease, o tinanggal na ang lapay
- kapansanan sa pagkatuto
- mga problema sa nervous system, tulad ng cerebral palsy

Bumisita sa **www.nhs.uk/child-flu** para sa higit na impormasyon

## Mayroon bang mga kabataan na hindi dapat bigyan ng bakuna sa ilong?

Ang karamihan sa mga bata at kabataan ay inaalok ng bakuna na iniispray sa ilong (nasal spray vaccine) na mabilis at madaling ibigay at siyang mas ninanais na bakuna para sa mga bata. Gayunpaman, ang ilang kabataan ay maaaring hindi puwedeng bigyan ng bakuna sa ilong (tingnan ang mga detalye sa ibaba). Ang iyong mga magulang ay bibigyan ng isang form ng pahintulot na dapat kumpletuhin bago ng pagbabakuna, na may kasamang mga katanungan upang malaman kung ito ay angkop para sa iyo. Maaari silang makipag-usap sa team ng pagbabakuna ng paaralan kung mayroon silang anumang mga katanungan. Kung hindi ka puwede sa nasal spray, iaalok sa iyo ang iniiniksyong bakuna laban sa trangkaso.

## Sino ang hindi dapat mabigyan ng bakuna sa ilong?

Sa halip na nasal spray na bakuna, dapat kang bigyan ng iniiniksyong bakuna laban sa trangkaso kung ikaw ay:

- kasalukuyang may humuhuning paghinga (wheezy) o mayroon nito sa nakalipas na 72 oras
- may napakahinang immune system o nangangailangan na ibukod ang isang tao sa inyong sambahayan dahil siya ay malubhang immunosuppressed
- may kondisyon na nangangailangan ng salicylate treatment
- nagkaroon ng anaphylactic reaction sa isang bakuna laban sa trangkaso, o alinman sa mga sangkap, dati (maliban sa itlog)

Ang mga kabataan na nabakunahan ng nasal spray ay dapat na iwasan ang malapitang kontak sa mga taong may napakahinang immune system (halimbawa ang mga kailan lang sumailalim sa bone marrow transplant) sa loob ng humigit-kumulang dalawang linggo matapos ang pagbabakuna.

Kung malamang na magkaroon ng kontak o hindi maiiwasan ito, dapat magbigay ng alternatibong bakuna laban sa trangkaso. Kung hindi ka sigurado, ikonsulta sa team ng pagbabakuna ng paaralan, o sa nars o GP sa inyong GP surgery.

## Dapat humingi ng payo ang iyong mga magulang sa iyong espesyalista, kung ikaw ay:

- nagkaroon ng matinding allergic reaction (anaphylaxis) sa itlog dati na nangailangan ng masinsinang pangangalagang paggamot (intensive care treatment)
- hika na ginagamot gamit ng mga steroid na tableta o kinailangan ang masinsinang pangangalagang paggamot sa ospital.

## Saan ibibigay ang pagbabakuna?

Iaalok sa mga batang nasa edad ng pagpasok sa eskuwela ang pagbabakuna sa paaralan, na may higit na mga oportunidad na mabakunahan sa mga klinika ng komunidad, para sa sinumang hindi makapunta sa sesyon sa paaralan.

Ang mga karapat-dapat na bata na tinuturuan sa bahay ay aalukin ng bakuna. Ikaw o ang iyong mga magulang ay makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga kaayusan mula sa iyong Kagawaran ng Edukasyon ng Lokal na Awtoridad (Local Authority Education Department).

Maaari mong basahin ang polyeto tungkol sa trangkaso rito: **www.medicines.org.uk/emc/product/15790/smpc**

## Ang nasal vaccine ba ay naglalaman ng gelatine na nagmula sa mga baboy (porcine gelatine)?

Oo. Ang bakuna sa ilong ay naglalaman ng napakakaunting gelatine mula sa mga baboy (porcine gelatine), na ginagamit sa hanay ng maraming mahahalagang gamot. Nakakatulong ang gelatine na panatilihing matatag ang mga virus ng bakuna upang ang bakuna ay makapagbigay ng pinakamahusay na proteksyon laban sa trangkaso.

Ang nasal spray ay ang mas ninanais na bakuna para sa mga bata, at ito ay mabilis at madaling ibigay. Maaari din itong mas mabuti sa pagbawas ng pagkalat ng trangkaso sa komunidad. Kung hindi ka nakakatanggap ng mga gamot o bakuna na naglalaman ng porcine gelatine, mayroong iniiniksyong bakuna laban sa trangkaso na hindi naglalaman ng gelatine.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bumisita sa **www.nhs.uk/child-flu** para sa higit na impormasyon. Makipag-usap sa team ng pagbabakuna ng paaralan, iyong GP, o practice nurse kung mayroon ka pang mga katanungan.

NHS

**www.nhs.uk/vaccinations**

© Crown copyright 2025. UK Health Security gateway number: 2024894.
Product code: 25SECFLUTAG Tagalog. 1P 2M May 2025 (APS).

To order more copies of this leaflet please visit: www.healthpublications.gov.uk or call 0300 123 1002. That this leaflet is available in, Albanian, Arabic, Bengali, Bulgarian, Chinese (simplified), Chinese (traditional, Cantonese), Estonian, Farsi, French, Greek, Gujarati, Hindi, Latvian, Lithuanian, Nepali, Panjabi, Pashto, Polish, Portuguese, Romanian, Romany, Russian, Somali, Spanish, Tagalog, Turkish, Twi, Ukrainian, Urdu and Yiddish. Accessible versions are also available as an English large print, braille, British Sign Language video and audio version.